International Journal of Open-Access, Interdisciplinary & New Educational Discoveries of ETCOR Educational Research Center (iJOINED ETCOR)

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org

iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

# Programang Pagpapaunlad ng Kakayahan sa Pagtuturo para sa mga Guro na Di-Medyor sa Filipino

Febbie B. Napao, MAEd Filipino
Saint Joseph Institute of Technology, Butuan City, Philippines
e-mail: *febbie.balinton@deped.gov.ph*

**Received**: 05 December 2024 **Revised**: 29 January 2025 **Accepted**: 03 February 2025

**Available Online**: 03 February 2025

**Volume IV (2025), Issue 1, P-ISSN – 2984-7567; E-ISSN - 2945-3577**

***Abstrak***

**Layunin:** Ang pag-aaral na ito ay layong makabuo ng programang magpapaunlad sa kakayahan ng mga guro na di-medyor sa Filipino at alamin ang mga kakulangan sa pagsasanay at mga pagkakataon sa propesyonal na pag-unlad para sa mga guro ng wika na hindi nagsipagtapos ng Filipino, na may layuning magbigay ng mahalagang kaalaman para sa pagpabuti ng pagtuturo ng wika sa Timog-Kanlurang Distrito at maging sa Dibisyon ng Butuan.

**Metodolohiya:** Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptib - debelopmental na pamamaraan upang ilarawan ang proseso ng pagdidisenyo at ipaliwanag ang proseso ng pagbuo ng programa. Kasabay ng debelopmental na metodo, ginamit din ang deskriptibong pamamaraan tulad ng bilang o dami, bahagdan o porsyento, Mean Percentage Score (MPS), mean at standard deviation at talaang pagsusuri upang maanalisa at mabigyan ng interpretasyon ang mga datos na nalikom mula sa mga respondente. Ginamit din ang talatanungan para alamin ang propayl ng guro, bilang ng taon sa pagtuturo at mga nasalihang pagsasanay o programa sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga guro na di - medyor sa Filipino. Gayundin, sa pagsukat ng kakayahan ng guro sa pagtuturo ng Filipino ay namahagi ng tseklis sa ilang mag-aaral na siyang sumagot sa ginawang talatanungan. Ang talatanungang pagsusulit naman ang ginamit para sukatin ang kaalaman sa gramatika ng isang guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino sa limang paaralan ng sekondarya ng Timog- Kanlurang Distrito; Bancasi Integrated School, Consuelo National High School, La Trinidad Integrated School- Secondary, Kinamlutan National High School, at Villa Kanangga Integrated School-Secondary taong panuruan 2023-2024.

**Resulta:** Natukoy ang pagiging hindi mahusay o mababa ang lebel na kakayahan ng guro ayon sa pagtataya/pagsusulit. Nakakuha lamang ang mga gurong kalahok ng kabuuang MPS na 55.35% na ibig sabihin ay hindi bihasa. Napag-alaman na kaunti o iilan lamang sa mga guro na di-medyor ang nakakasali sa mga pagsasanay kaugnay sa Filipino. Natuklasan din na ang mga guro ay hindi gaanong mahusay sa paggamit ng mga angkop na halimbawa upang ipaliwanag ang mga konseptong nauugnay sa paksa at kung paano iuugnay ang paksa sa iba't ibang asignatura ayon sa pananaw ng mga mag-aaral. Kaya batay sa resulta, ang mananaliksik ay gumawa ng isang programa tungkol sa Pagsasanay sa Pagpapaunlad ng Kaalaman sa Gramatika, Lokalisasyon at Kontekstwalisasyon ng Asignaturang Filipino upang tugunan ang kakulangan ng guro at maging bihasa sa asignaturang itinuturo.

**Konklusyon**: Batay sa mga naging resulta sa pag-aaral ay karamihan sa mga tagatugon na guro ay nagtuturo ng Filipino sa loob ng isa hanggang tatlong taon, at kalimitang antas na natamong edukasyon ay Master's Degree – CAR. Karamihan din sa kanila ay nakasali sa Pagsasanay sa Paggamit ng Teknolohiya sa Pagtuturo. Samantala, nangangailangan din na magkaroon ng Pagsasanay sa Pagpapaunlad ng Kaalaman ukol sa Wika, Panitikan at Gramatika. Inihayag sa mga naging resulta ng pag-aaral, na karamihan sa mga gurong kalahok ay hindi mahusay o mababa ang lebel ng kakayahan ayon sa pagtataya / pagsusulit. Ang programa o pagsasanay tungkol sa gramatika, lokalisasyon at kontekstwalisasyon ang kailangan upang mapaunlad ang kakayahan sa pagtuturo ng mga guro na di-medyor. Ang pamagat ng programa ay maaring "Filipino sa Kanyang Konteksto: Pagsasanay sa Pagpapaunlad ng Kaalaman sa Gramatika, Lokalisasyon, at Kontekstwalisasyon."

***Mga Susing Salita****: Di-medyor,kakayahan, pagsasanay, pagtuturo, Programa*



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

**INTRODUKSYON**

Ang pag-usbong ng kurikulum na K to 12 sa mga nakalipas na taon ay maituturing isang malaking hakbang ng Kagawaran ng Edukasyon sa pagpapanatili ng isang mahusay na edukasyong panlahat sa bansa. Sa pagsasakatuparan nito, malaking papel ang ginampanan ng mga guro tungo sa kaganapan ng ganitong adhikain (Anez, 2022).

Ang kalidad ng guro ay mahalaga para sa pagpapabuti ng mga resulta ng mag-aaral. Ayon sa DepEd Order No. 007 s. 2023 na pinamagatang Guidelines on Recruitment, Selection, and Appointment in the Department of Education mahalagang masala ang mga guro na papasok sa departamento base sa inilatag na mga kwalipikasyon upang masiguro ang tiyak at kalidad na edukasyon na maibibigay sa mga mag-aaral. Kabilang sa mga kwalipikasyon ay ang mga pagsasanay na nasalihan na may kaugnayan sa kanilang larangan. Ang pagiging epektibo ng mga guro ay nakasalalay sa mga kasanayan sa pagtuturo at pagsasanay ng mga guro sa hinaharap (Podolsky et al., 2019).
Sa anumang sistema ng pagkatuto, ang mga guro ang itinuturing na pinakamahalagang salik sa pagtataguyod ng isang dekalidad na uri ng edukasyon. Sa pahayag dapat lamang na sa loob ng silid-aralan ay tiyak at matalastas ang mga gurong nakatalaga sa bawat asignatura upang maisakatuparan ang bawat kasanayang pangkurikulum (Anez, 2022). Ang propesyonal na pag-unlad ng guro ay kinakailangan upang panatilihing napapanahon ang kanilang kasanayan dulot na rin ng patuloy na pagbabago sa mga pamamaraan at pangangailangan ng mga mag-aaral.

Ang pagtuturo ng wika, lalo na ang Filipino, ay isang malikhaing gawain na nangangailangan ng sining, kasanayan, at malalim na pang-unawa sa kultura at komunikasyon. Sa paglipas ng mga taon, ang pangangailangan para sa guro ng Filipino ay lumalago, at kasabay nito ay ang pangangailangan para sa mahusay at bihasang mga guro. Ngunit sa kabila ng patuloy na pag-unlad ng edukasyon, marami pa rin sa ating mga guro ang nahaharap sa hamon ng hindi sapat na kasanayan sa Filipino, na nagiging sagabal sa epektibong pagtuturo ng wika.

Sa pagpasok ng bansa sa globalisadong lipunan, naging mahalaga ang papel ng wika bilang instrumento ng komunikasyon at pang-unawa. Ang kakayahan ng isang guro na maipasa ang kaalaman at kasanayan sa wika ay pangunahing elemento sa paghubog ng mga mag-aaral. Gayunpaman, may mga guro na hindi ganap na bihasa sa Filipino, lumitaw ang pangangailangan na tunay na maunawaan at matugunan ang kanilang mga pangangailangan sa pagsasanay.

Ang pagbuo ng epektibong paraan ng suporta at pangangalaga sa mga guro ay napakahalaga sa paglikha ng isang mataas na kalidad na kapaligiran para sa pag-aaral ng mga estudyante at isang lugar na may positibong pag-unawa para sa mga guro (Evers, Van der Heijden, & Kreijns, 2016; Polly et al., 2015). Kinakailangan ang propesyonal na pag-unlad upang punan ang mga kakulangan sa mga kasanayan ng mga bagong guro, at patuloy na mapagyaman ang kasanayan ng mga guro (Evers et al., 2016).

Ang mabisang pagtuturo ay nakasalalay sa mga estratehiya ng guro sa pagbuo ng aralin, kakayahan ng mga mag-aaral at pagkakaroon ng mga mapagkukunang sanggunian sa pagtuturo (Santos at Castro, 2021). Ang pag-aaral ng mga makabago at epektibong paraan ng pagtuturo ay makakatulong sa mga guro na mas mapabuti ang kanilang mga estratehiya. Ito ay nagbibigay-daan sa kanila na mas mapanatili ang aktibong pagtutok ng mga mag-aaral, mas mapadali ang pag-unawa sa mga konsepto, at mas mapalalim ang kanilang kasanayan.

Ang propesyonal na pag-unlad ay kinakailangan upang panatilihin ang guro sa kasalukuyang kaalaman sa patuloy na nagbabagong mga pamamaraan at pangangailangan ng mga mag-aaral. Ang tagumpay ay nangangailangan na ang mga guro ay aktibong mag-aaral at maging bahagi ng iba't ibang maayos na planadong mga gawain sa propesyonal na pag-unlad. Upang mapabuti ang pagtuturo sa silid-aralan, ang propesyonal na pag-unlad ay dapat na kolaboratibo, pangmatagalan, at may kinalaman sa nilalaman (Burns at Lawrie, 2016).

Sa kabila ng pagsisikap ng Departamento ng Edukasyon na makapagbigay ng dekalidad na edukasyon sa pamamagitan ng pagtanggap ng mga kwalipikado at mahuhusay na guro, hindi pa rin sapat ang bilang ng mga guro na nakakapasok sa Registry of Qualified Applicants o RQA sa medyor na Filipino. Ang kakulangan ng mga kwalipikadong gurong medyor sa Filipino ang dahilan kung bakit mayroong mga di-medyor sa Filipino na nagtuturo sa asignaturang ito.

Kasalukuyan, ang Sangay ng Lungsod ng Butuan ay mayroong 121 na guro sa Filipino na nagtuturo sa 10 distrito. Subalit, sa Distrito ng Timog Kanluran na may anim (6) na sekondaryang paaralan, at kung saan nagtuturo ang mananaliksik, mayroon lamang anim (6) o katumbas na 5% sa kabuuang populasyon ng mga guro sa Filipino sa dibisyon. Dahil sa kakulangan ng mga guro sa Filipino, kinailangan na iatas ang pagtuturo sa asignatura sa ibang guro na di-medyor. Kaya, ang pag-aaral na ito ay layong makabuo ng programang pagpapaunlad sa kakayahan ng mga guro na di-medyor sa Filipino ng Timog-Kanlurang Distrito ng Butuan. Bukod dito, layunin ng pag-aaral na ito na alamin ang mga kakulangan sa pagsasanay at mga pagkakataon sa propesyonal na pag-unlad para sa mga guro ng wika na


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

hindi nagsipagtapos ng Filipino, na may layuning magbigay ng mahalagang kaalaman para sa pagpabuti ng pagtuturo ng wika sa Timog-Kanlurang Distrito at maging sa Dibisyon ng Butuan. Ipinapakita rin nito ang kahalagahan ng isang inklusibo at makatarungan na edukasyon, kung saan bawat guro ay may kakayahan at kaalaman na magbigay ng epektibong pagtuturo.

Ang mga natuklasan sa pag-aaral ay maging gabay sa pagbuo ng programang pagpapaunlad ng kakayahan sa pagtuturo ng mga guro na di-medyor sa Filipino.

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay bumuo ng isang programa para sa pagpapaunlad ng kakayahan sa pagtuturo ng mga gurong di-medyor sa Filipino.

Layunin nitong sagutin ang mga sumusunod na katanungan.

1. Ano ang propayl ng mga guro ayon sa:
    1.1 bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino;
    1.2 antas ng natamong edukasyon (batsilyer, masteral, doktoral); at
    1.3 mga pagsasanay na nasalihan kaugnay sa Filipino?
2. Anong mga pagsasanay o programa sa pagpapaunlad ng kakayahan ang nasalihan ng mga guro na di - medyor sa Filipino mula nang sila ay natanggap o nagsimulang magturo ng asignaturang Filipino?
3. Ano ang lebel ng kakayahan ng isang guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino?
4. Ano ang lebel ng kakayahan ng isang guro sa pagtuturo ayon sa pananaw ng mga Mag-aaral?
5. Anong programa ang maaaring ipanukala upang mapaunlad ang kakayahan sa pagtuturo ng mga guro na di-medyor sa Filipino?

**METODOLOHIYA**

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptib - debelopmental na pamamaraan upang ilarawan ang proseso ng pagdidisenyo at ipaliwanag ang proseso ng pagbuo ng programa. Ipinaliwanag ni Olipas (2019), na ang debelopmental na metodo ay mahalaga upang magsilbing gabay sa aktwal na pagbuo ng isang sistema. Dagdag pa rito, saklaw nito ang sistematikong paraan mula sa pagdidisenyo, pagbuo, at pagsusuri ng kinalabasan. Kasabay ng debelopmental na metodo, ginamit din ang deskriptibong pamamaraan tulad ng bilang o dami, bahagdan o porsyento, Mean Percentage Score (MPS), mean at standard deviation at talaang pagsusuri upang maanalisa at mabigyan ng interpretasyon ang mga datos na nalikom mula sa mga respondente. Ang mananaliksik ay gumamit ng talatanungan para alamin ang propayl ng guro, bilang ng taon sa pagtuturo at mga nasalihang pagsasanay o programa sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga guro na di -medyor sa Filipino. Gayundin, sa pagsukat ng kakayahan ng guro sa pagtuturo ng Filipino ay namahagi ng tseklis sa ilang mag-aaral na siyang sumagot sa ginawang talatanungan. Ang talatanungang pagsusulit naman ang ginamit para sukatin ang kaalaman sa gramatika ng isang guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino sa limang paaralan ng sekondarya ng Timog- Kanlurang Distrito; Bancasi Integrated School, Consuelo National High School, La Trinidad Integrated School- Secondary, Kinamlutan National High School, at Villa Kanangga Integrated School-Secondary taong panuruan 2023-2024. Ang kinalabasan ng ginawang pagsusuri ay naging batayan sa pagbuo ng programang pagpapaunlad ng kakayahan sa pagtuturo para sa mga guro na di-medyor sa Filipino.

**Tagatugon sa Pananaliksik**

Ang respondente ng pag-aaral ay lahat na mga gurong di-medyor na nagtuturo ng Filipino sa anim na paaralan ng sekondarya ng Timog- Kanlurang Distrito; Bancasi Integrated School, Consuelo National High School, La Trinidad Integrated School- Secondary, Kinamlutan National High School, at Villa Kanangga Integrated School-Secondary taong panuruan 2023-2024.

**Lokasyon ng Pananaliksik**

Ang pag-aaral ay ginanap sa Dibisyon ng Butuan, partikular sa Timog- Kanlurang Distrito na kinabibilangan ng limang paaralan sa sekondarya; Bancasi Integrated School, Consuelo National High School, La Trinidad Integrated School- Secondary, Kinamlutan National High School, at Villa Kanangga Integrated School-Secondary taong panuruan 2023-2024. Ang mga kalahok ng pag-aaral ay mga gurong di-medyor na nagtuturo ng Filipino.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

**Instrumento ng Pananaliksik**

Ang mananaliksik ay gumamit ng talatanungan o sarbey kwestyuner bilang pagkukuhanan ng datos na siya ring magsisilbing patunay sa pagkalap ng datos. Kaugnay dito, ang mga tanong na nakapaloob sa sarbey kwestyuner ay hinati sa tatlong bahagi (3), kabilang dito ang mga sumusunod: (1) bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino, (2) pinakamataas na antas ng natamong edukasyon at (3) ang mga nasalihang pagsasanay o programa sa pagpapaunlad ng kakayahan sa pagtuturo ng mga guro na di -medyor sa Filipino. Bukod dito, gumawa ang mananaliksik ng pasulit na talatanungan (test questionnaire) na kinuha at binuo buhat sa iba't ibang babasahin, internet at modyul na batay sa Most Essential Learning Competency (MELC) ng Kagawaran ng Edukasyon upang sukatin ang kaalamang pangnilalaman ng mga guro na di-medyor sa Filipino. Samantala, isang tseklis na talatanungan naman ang ginamit upang alamin ang lebel na kakayahan ng guro sa pagtuturo ng filipino ayon sa pananaw ng mga mag-aaral. Ito ay ibinatay sa ginawang instrumento ni Guzman at Abagon, (2021) na halaw sa libro ni Belvez (2000) na pinamagatang "Ang Sining at Agham sa Pagtuturo". Nahahati ito sa dalawang (2) bahagi: kakayahan ng guro sa pagtuturo at kakayahan ng guro sa nilalaman. Siniguro ng mananaliksik na masasagot nito ang mga layunin ng isinagawang pag-aaral.

Higit pa rito, sa pagpapatibay ng instrumentong ginamit, minabuti ng mananaliksik na hingin ang tulong ng tagapayo ng mananaliksik, at sa lupon ng mga eksperto sa larangan ng Filipino upang maging malinaw, maayos, makatotohanan at matibay ang bawat detalyeng nilalaman ng talatanungan. Kaugnay rito, humingi rin ang mananaliksik ng tulong estadistika upang malaman kung mapagkakatiwalaan ang gagamiting instrumento ng mananaliksik para sa maayos na kalalabasan ng resulta ng mga datos na nakalap. Mula sa payo ng estadistika, sinimulan ng mananaliksik na magsagawa ng pilot testing upang mas mapatibay pa ang instrumentong ginamit. Ilang beses ding renibisa at inayos ng mananaliksik ang talatanungan. Sa tulong ng pagpapatibay na ito, nakasisiguro ang mananaliksik na masasagot ang mga layunin sa bawat tanong sa talatanungan. Ang mananaliksik din ay gumamit ng mga talaang pagsusuri para sa pag-aaral na ito.

**Pamamaraan at Pangangalap ng Datos**

Sa pagkumpleto ng pag-aaral na ito, sinunod ng mananaliksik ang mga sumusunod na hakbang.

Una, nagsulat at nagpadala ng liham pahintulot ang mananaliksik sa Dibisyong Tagapamanihala, Distritong Tagapamanihala, mga Punong-guro ng bawat paaralang nabanggit na ginamit ang mga guro at ilang mag-aaral sa kanilang paaralan bilang tagatugon sa pananaliksik na ito. Pagkatapos mabigyan ng pahintulot ay isa-isang ibinigay ang talatanungan sa lahat ng kalahok sa pag-aaral.

Pangalawa, ang mga nalikom na talatanungan ay itinala at isinasailalim sa detalyado at mabusising pagsusuri sa tulong na rin ng isang eksperto sa istadistika. Ang resulta ay ginamit upang makabuo ng programang pagpapaunlad sa kakayahan ng mga gurong di-medyor sa Filipino.

Ngunit bago ang lahat ang mananaliksik ay nagsagawa ng pilot testing sa labing- anim (16) na gurong di-medyor sa Filipino sa ibang Distrito upang malaman kung mapagkakatiwalaan ba ang instrumentong ginamit sa isasagawang pag-aaral.

**Etikal na Pagsasaalang-Alang**

Sa pag-aaral na ito mahalaga ang pagsasaalang-alang sa mga etikal na aspeto. Una, nagsulat ng liham at humingi ng pahintulot sa Dibisyong Tagapamanihala, Distritong Tagapamanihala, Punong-guro at mga respondante. Pangalawa, ang pagpanatili ng kumpidensiyalidad ng impormasyon na nakalap mula sa mga mag-aaral,guro, at punong-guro. Pangatlo, inihayag ang layunin ng pag-aaral na mapabuti ang kalidad ng pagtuturo at ito ay nakatutulong sa kanilang propesyunal na pag-unlad at hindi naging sanhi ng anumang pinsala. Pang-apat, ang igalang ang karapatan at opinyon ng mga guro sa kanilang partisipasyon sa pag-aaral. Panghuli, nagkakaroon ng fidbak at mga plano para sa pagpapaunlad ng propesyonalidad.

**Istatistikong Ginamit sa Pag-aaral**

Ang mga sumusunod ay ginamit ng mananaliksik upang maanalisa ang mga datos na nalikom mula sa mga respondente na kalahok sa pag-aaral.

**Bilang o dami.** Ginamit ito upang mabilang ang dami ng gurong kalahok sa bawat propayl ayon sa bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino, antas ng natamong edukasyon, at mga pagsasanay na nasalihan kaugnay sa Filipino. Ginamit din ito upang ma bilang kung ilang mga guro na di-medyor sa Filipino ang nakasali mga mga pagsasanay o


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181
RUN RESEARCHERS RUN

programa sa pagpapaunlad ng kakayahan mula nang sila ay natanggap o nagsimulang magturo ng asignaturang Filipino.

**Bahagdan o Porsyento.** Ginamit ito upang maikumpara ang bahagdan ng bilang o dami ng mga kalahok sa pag-aaral sa batay sa kanilang propayl. Ginagamit din ito upang makuha kung ilang porsyento ng mga gurong di-medyor sa Filipino ang nakasali mga mga pagsasanay o programa sa pagpapaunlad ng kakayahan mula nang sila ay natanggap o nagsimulang magturo ng asignaturang Filipino.

**Mean Percentage Score (MPS).** Ginamit ito upang masukat ang lebel ng kakayahan ng isang guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ito ay hinango sa mula sa Division Memorandum No. 667 s. 2023.

**Mean at Standard Deviation.** Ginamit ito upang makuha ang lebel ng kakayahan ng isang guro sa pagtuturo ayon sa pananaw ng mga mag-aaral.

**Talaang Pagsusuri.** Ang mananaliksik ay gumamit ng talaang pagsusuri o rating scale upang makuha ang paglalarawan sa katumbas na marka para sa lebel ng kakayahan ng guro sa pagtuturo.

## RESULTA AT DISKUSYON

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng mga paglalahad, pagsusuri at interpretasyon ng mga datos na nakalap mula sa isinagawang pag-aaral ng mananaliksik. Ang mga nakalap na datos ay isinaayos sa mga talahanayan upang mapadali ang pagsusuri at pagbibigay kahulugan.

**Suliranin 1. Ano ang propayl ng mga guro ayon sa bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino, antas ng natamong edukasyon (batsilyer, masteral, doktoral) at bilang ng mga pagsasanay na nasalihan kaugnay sa Filipino.**

Ang talahanayan 1 ay nagpapakita ng resulta sa propayl ng guro ayon sa bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino at antas ng natamong edukasyon at bilang ng mga pagsasanay na nasalihan kaugnay sa Filipino.

**Talahanayan 1**
***Propayl ng mga guro ayon sa bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino***

| Bilang ng Taon | Dami | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| wala pang isang taon | 3 | 18.75 |
| 1 – 3 na taon | 8 | 50.00 |
| 4 – 6 na taon | 0 | 0.00 |
| 7 – 9 na taon | 3 | 18.75 |
| Mahigit 10 taon | 2 | 12.50 |
| **Kabuuan** | **16** | **100** |

Ang bilang ng taon ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino: may walo (8) mula sa 16 na gurong kalahok ang nasa isang (1) taon hanggang tatlong (3) taon pa lamang sa pagtuturo na kumakatawan sa 50%. Samantala, tatlo (3) o katumbas na 18.75% ang nagtuturo na wala pang isang taon at habang may tatlo (3) rin ang nagtuturo sa loob ng pito (7) hanggang siyam (9) na taon. Mayroong dalawa (2) o katumbas na 12.50% na guro ang nagtuturo ng Filipino ng mahigit 10 taon pataas. Sinabi nina Sadik at Akbulut (2015) na ang mga guro na may hindi bababa sa sampung taon ng karanasan sa pagtuturo ay nagpapakita ng mas mataas na epektibidad at mahusay na kakayahan sa pamamahala. Sa kabilang banda, wala (0) naman sa mga gurong kalahok ang nagtuturo ng Filipino sa loob Ang bilang ng taon ng pagtuturo ay kumakatawan sa propesyonal na karanasan ng guro sa pagtuturo (Anez, 2022). Ayon kay Bangao (2020), sa kanyang pag-aaral nabanggit ang bilang o haba ng taon sa pagtuturo ay nakapag-ambag sa batis ng kaalaman at mayamang karanasan ng isang guro. Samakatuwid, mahalagang bigyang pansin na ang bilang ng taon sa pagtuturo ay tunay na nakaapekto sa paraan ng pamamanihala ng guro sa loob ng silid at sa kanyang pagdulog sa pagkatuto ng mga mag-aaral (Anez, 2022). Ibig sabihin, kung mahaba ang bilang ng taon sa pagtuturo ng isang guro ay mas malalim ang kanyang karanasan at mas malawak ang kaalaman sa pagtuturo.



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181
RUN RESEARCHERS RUN

**Talahanayan 2**
***Antas ng natamong edukasyon***

| Edukasyon | Dami | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Baccalaureate | 3 | 18.75 |
| MA-units | 5 | 31.25 |
| MA-CAR | 6 | 37.50 |
| MA | 1 | 6.25 |
| PhD-units | 1 | 6.25 |
| PhD-CAR | 0 | 0.00 |
| PhD | 0 | 0.00 |
| **Kabuuan** | **16** | **100** |

Natuklasan sa pag-aaral na kadalasan sa mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino ang kanilang antas na natamong edukasyon ay Master's Degree – CAR na may anim (6) o katumbas ng 37.50%. Mayroon ding tig-isa (1) o katumbas ng 6.25 % na Master's Degree Graduate at Doctorate Degree (units). Ang guro na may sapat na kaalaman at kasanayan sa iba't ibang disiplina ay maaaring magamit ang kanilang mga kasanayan upang palawakin ang perspektiba at kaalaman ng kanilang mga mag-aaral. Ayon sa pag-aaral ni Massimi et al. (2017), ang pagtatamo ng mas mataas na antas ng karunungan o kurso, tulad ng masteral ay imperatibo sa propesyonal na pagsulong ng isang indibidwal. Dagdag pa rito, sa pagtatamo ng ng mas pinataas na antas ng edukasyon ng isang indibidwal ay inaasahan ring mapalawig ang kanyang kasanayan at antas na pagganap sa napiling larangan (Anez, 2022). Mahalaga na isaisip ng guro ang pagkamit ng mataas na antas ng edukasyon para sa propesyonal na pag-unlad at pagtugon na rin sa pagpapalawig ng kanilang propesyonal na kaalaman at kasanayan sa pedagolohiya o sining ng pagtuturo (Kautusang Pangkagawaran Blg. 42, s.2017).

Ang talahanayan 3 ay nagpapakita ng mga pagsasanay o programa sa pagpapaunlad ng kakayahan ang nasalihan ng mga guro na di-medyor sa Filipino mula nang sila ay natanggap o nagsimulang magturo ng asignaturang Filipino.

Makikita sa talahanayan 3, nangunguna ang pagsasanay sa paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo na mayroong 10 o katumbas na 62.50 mula sa mga 16 na gurong kalahok. Nagpapatunay ito na ang mga guro ay may malawak na kaalaman sa paggamit ng teknolohiya at naging mabilis ang pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 3**
***Bilang ng mga pagsasanay na nasalihan***

| Pagsasanay na Nasalihan | Nasalihan | | Hindi | | Kabuuan | % |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | f | % | f | % | | |
| 1. Pagsasanay sa Pagbuo ng Kagamitang Pampagtuturo | 7 | 43.75 | 9 | 56.25 | 16 | 100 |
| 2. Pagsasanay sa Paggamit ng Teknolohiya sa Pagtuturo | 10 | 62.50 | 6 | 37.50 | 16 | 100 |
| 3. Pagsasanay tungkol sa iba't ibang Istratehiya sa Pagtuturo | 8 | 50.00 | 8 | 50.00 | 16 | 100 |
| 4. Pagsasanay sa Pagsusuri at Pagtataya | 5 | 31.25 | 11 | 68.75 | 16 | 100 |


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Google scholar
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
RUN RESEARCHERS RUN
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 5. Pagsasanay sa Pagpapaunlad ng Kaalaman ukol sa Wika Panitikan at Gramatika | 3 | 18.75 | 13 | 81.25 | 16 | 100 |

Ayon kay Saavedra (2018), ang makabagong teknolohiya ay naging daan sa pag-usbong ng makabagong pamamaraan sa kung paano natatamo ng mga mag-aaral ang kanilang mga kaalaman at mapaunlad pa lalo ang kanilang kakayahan. Ang pagsasanay naman tungkol sa iba't ibang istratehiya sa pagtuturo ang pangalawa na may walo (8) o katumbas na 50%. Ang pamamaraan ng pagtuturo ng guro ay may malaking epekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Nasa guro pa rin ang pagpapasya sa pamamaraang kanyang gagamitin na alam niyang magiging angkop sa bunga ng pagkatuto na nais niyang makamtan o matamo ng kanyang mga mag-aaral,angkop sa sitwasyon, angkop sa kakayahan at gayon din sa uri ng paksang-aralin at asignaturang kanyang ituturo (Sali, et al.,2024). Samantala, mayroong pito (7) o katumbas na 43.75% mula sa gurong kalahok ang nakasali ng pagsasanay sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo. Sa proseso ng pagtuturo-pagkatuto, napakahalaga ang pagbuo ng kagamitang panturo. Ito ang makapagbibigay sa kanila ng mas malaking oportunidad para maging maayos ang proseso ng pagtuturo-pagkatuto (Saberola, 2018).

Sa kabilang banda, mayroong lima (5) o katumbas na 31.25 % naman ang pagsasanay sa pagsusuri at pagtataya. Ang pagtataya ay mahalagang bahagi ng pagtuturo dahil ito ang magiging batayan sa pagkakamit ng itinakdang layunin ng pag-aaral. Nakatutulong ito upang kilatisin ng bawat mag-aaral ang sariling kalakasan at kahinaan na magiging pundasyon nila upang higit pang mapaghusay dating kaalaman at palakasin ang karunungan at gawaing kinakitaan ng kahinaan. Kinakailangan ang pagtataya upang makamit ang itinakdang layunin sa bawat paksang itinuturo (Sali et al., 2024). Ang pagtataya /pagsusulit ay isang panukat na ginagamit ng mga guro upang sukatin ang paglalapat ng mga pagkatuto pagkatapos ng isang pagtuturuan (Gajo, 2016). Naniniwala naman si De Lisle (2014) na ang tuloy-tuloy na pagtataya upang sukatin ang kaalaman ng mga mag-aaral ay may malaking ambag sa pag-unlad ng edukasyon. Makikita sa talahanayan na mayroon lamang tatlo(3) o katumbas na 18.75% mula sa gurong kalahok ang nakasali sa pagsasanay sa pagpapaunlad ng kaalaman ukol sa Wika ,Panitikan at Gramatika. Ibig sabihin nito, kaunti lang mula sa mga guro ang nakasali sa pagsasanay ukol dito. Ayon kay Felonia (2021), nararapat lang na taglay ng isang guro ang malalim na kaalaman sa mga teoryang panggramatika at pangwika na iaangkop o ilalapat sa mga paksang kanyang ituturo. Bukod pa rito, mahalaga ring magkaroon ng pagsasanay ukol sa panitikan sapagkat ito ay sumasalamin sa ating wika at kultura. Ayon kay Azarias (2018), ang panatikan ay isang buhay sapagkat ito ay repleksyon ng pamumuhay at pakikipamuhay ng mga tao sa kanyang ginagalawang lipunan.

**Suliranin 2. Anong mga pagsasanay o programa sa pagpapaunlad ng kakayahan ang nasalihan ng mga guro na di -medyor sa Filipino mula nang sila ay natanggap o nagsimulang magturo ng asignaturang Filipino?**

Ang talahanayan 4 ay nagpapakita ng uri at pamagat ng pagsasanay na nasalihan ng mga guro na di -medyor sa Filipino mula nang sila ay natanggap o nagsimulang magturo ng asignaturang Filipino.

Makikita sa talahanayan 4, ang mga pagsasanay na isinagawa ng Dibisyon para sa mga guro ng Filipino. Dalawa (2) sa mga guro ang nakasali sa pagsasanay tungkol sa pagsusuri at pagtataya na pinamagatang "Tatlong -Araw na Pandibisyong Pagsasanay-Palihan sa Paggawa ng Pagsusulit sa Filipino", na nagreresulta sa 12.5% ng kabuuang bilang ng kalahok.

**Talahanayan 4**
***Mga Pagsasanay na isinagawa ng Dibisyon para sa mga Guro ng Filipino***

| Uri ng Pagsasanay | Pamagat ng Pagsasanay | Bilang ng guro na di-medyor na nakasali | Bahagdan (%) |
|---|---|---|---|
| 1. Pagsasanay sa Pagsusuri at Pagtataya | Tatlong -Araw na Pandibisyong Pagsasanay-Palihan sa Paggawa ng Pagsusulit sa Filipino | 2 | 12.5% |


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181
RUN RESEARCHERS RUN

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 2. | Pagsasanay sa Pagbuo ng Kagamitang Pampagtuturo | Tatlong -Araw na Pagsasanay – Palihan sa Pagbuo ng Kagamitang Pagtuturo tuon sa Instruksyunal na Pagsusubaybay at Pagbuo ng Interbensyon sa Asignaturang Filipino | 1 | 6.25% |
| 3. | Pagsasanay sa Pagpapaunlad ng Kaalaman ukol sa Wika Panitikan at Gramatika | Tatlong- Araw na Pambansang Webinar sa Ortograpiyang Pambansa, KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat, Korespondensiya Opisyal | 3 | 18.75% |

*Mula sa https://depedbutuancity.com/*

Samantala, ang pagsasanay sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo ay may isang (1) guro lamang ang nakasali na nagreresulta sa 6.25% ng kabuuang bilang ng kalahok. Mapapansin naman na mayroong tatlo (3) o katumbas na 18.75% ng kabuuang bilang mula sa mga gurong kalahok ang nakasali sa pagsasanay sa pagpapaunlad ng kaalaman ukol sa Wika, Panitikan at Gramatika na pinamagatang "Tatlong Araw na Pambansang Webinar sa Ortograpiyang Pambansa, KWF Manwal sa Masinop na Pagsukat, Korespondensiya Opisyal". Sa kabuuan, kaunti lamang ang bilang ng mga guro na di-medyor ang nakasali sa pagsasanay na isinagawa ng Dibisyon. Mula rito, mahihinuha na ang kadalasang nabibigyan ng pagkakataon na lumahok sa mga ginawang pagsasanay tulad nito ay ang mga guro lamang na dalubhasa o medyor sa larangan ng Filipino. Dahil dito, kaunti lamang ang bilang ng mga guro na di-medyor ang nakakalahok sa mga pagsasanay at iilan lamang ang naturuan at nagkaroon ng kaalaman tungkol dito.

**Suliranin 3. Ano ang lebel ng kakayahan ng isang guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino?**

Ang talahanayan 5 at 6 ay nagpapakita ng lebel ng kakayahan ng Guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ayon sa pagtataya.

**Talahanayan 5**
***Lebel ng Kakayahan***

| Equivalent Mean Percentage Score | Dami | Bahagdan | Berbal na Deskripsyon | Berbal na Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|
| 81-85 | 4 | 25.0 | Napakahusay | Mataas na lebel ng Kakayahan |
| 76-80 | 1 | 6.3 | Mahusay | Katamtaman na lebel ng Kakayahan |
| Mababa sa 75 | 11 | 68.8 | Hindi mahusay | Mababa na lebel ng Kakayahan |
| **Kabuuan** | **16** | **100** | | |

*Tala: 75% ang pasadong marka*

Ipinapakita sa talahanayan 5, ang lebel ng kakayahan ng guro sa pagtataya/pagsusulit. Mayroong apat (4) na guro ang nakakuha ng mean percentage score sa pagitan ng 81-85, na nagreresulta sa 25% sa kabuuang bilang ng mga kalahok. Ito ay natukoy bilang "Napakahusay" o "Mataas" na lebel ng kakayahan. Samantala, may isang (1) guro na nakakuha ng mean percentage score sa pagitan ng 76-80, na nangangahulugang 6.3% ng kabuuang bilang ng mga kalahok at natukoy bilang "Mahusay" o "Katamtaman" ang lebel ng kakayahan. Subalit, mayroong 11 guro na nakakuha ng mean percentage score na mas mababa sa 75, na nangangahulugang 68.8% ng kabuuang bilang ng mga kalahok at natukoy bilang "Hindi mahusay" o "Mababa" ang lebel ng kakayahan. Sa kabuuan, mas marami ang bilang ng mga guro na nakakuha ng mababang marka sa pagsusulit. Ibig sabihin, ang mga gurong kalahok ay may kakulangan sa kaalaman, kasanayan, o pag-unawa sa partikular na pagtataya. Ang resultang ito ay maaaring maging daan para sa pagbibigay ng karagdagang suporta, pagtuturo, o pag-unlad ng mga kasanayan para sa mga kalahok.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

**Talahanayan 6**
***Aytem Analisis sa Pagtataya ng Guro base sa MELC***

| Koda | Kompetensi | Mean Percentage Score (MPS) | Lebel ng Kabihasaan |
|---|---|---|---|
| F7WG-IIa-b-7 | Nasusuri ang antas ng wika batay sa pormalidad na ginamit sa pagsulat ng awiting-bayan (balbal, kolokyal, lalawiganin, pormal) | 65.00% | Hindi gaanong Bihasa |
| F7PN-IIIa-c-13 | Naipaliliwanag ang kahalagahan ng paggamit ng suprasegmental (tono, diin, antala) | 48.75% | Hindi Bihasa |
| F7WG-IIIh-i-16 | Nagagamit ang wastong mga panandang anaporik at kataporik ng pangngalan | 60.00% | Hindi gaanong Bihasa |
| F8PT-IIe-f-25 | Naibibigay ang denotatibo at konotatibong kahulugan, kasingkahulugan at kasalungat na kahulugan ng malalalim na salitang ginamit sa akda | 68.75% | Hindi gaanong Bihasa |
| F8PT-IVc-d-34 | Nabibigyang-kahulugan ang matatalinghagang ekspresyon - tayutay - simbolo | 55.00% | Hindi Bihasa |
| F9WG-IIIb-c-53 | Nagagamit ang mga angkop na pang-uri na nagpapasidhi ng damdamin | 45.00% | Hindi Bihasa |
| F9WG-IIId-e-54 | Nagagamit ang angkop na pang-ugnay na hudyat ng pagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa lilikhaing kuwento | 76.25% | Medyo Bihasa |
| | Nagagamit nang wasto ang pokus ng pandiwa (tagaganap, layon, pinaglalaaanan at kagamitan) | 31.25% | Hindi Bihasa |
| F9WG-IIIf-55 | Nagagamit ang mga pang-abay na pamanahon, panlunan at pamaraan sa pagbuo ng Alamat | 50.00% | Hindi Bihasa |
| F10WG-If-g-61 | Nagagamit ang angkop na mga panghalip bilang panuring sa mga tauhan | 67.50% | Hindi gaanong Bihasa |
| | **KABUUAN** | **55.38%** | **Hindi Bihasa** |

*Iskala: 1-59% Hindi Bihasa/Not Mastered; 60-75% Hindi gaanong Bihasa/Least Mastered; 75-79% Medyo Bihasa/Nearly Mastered; 80-100% Bihasa/Mastered*

Ipinakikita sa talahanayan 6 na mayroong sampung (10) kompetensi na sumasaklaw mula sa Baitang 7-10. Ang Mean Percentage Score (MPS) ay naglalarawan sa marka na nakamit ng gurong kalahok sa bawat kompetensi. Tinutukoy ng MPS ang mga resulta ng pagkatuto ng mag-aaral at kung gaano kabisa ang kurikulum at pagtuturo (Etcobanez, D.J., 2014). Mayroong apat (4) na kompetensi na ang nakuhang MPS ay nasa pagitan ng 60-75% at ito ay natukoy bilang hindi gaanong bihasa. Ang mga kompetensi ay nasusuri ang antas ng wika batay sa pormalidad, nagagamit ang wastong mga panandang anaporik at kataporik ng pangngalan, naibibigay ang denotatibo at konotatibong kahulugan ng mga salita, at nagagamit ang angkop na mga panghalip bilang panuring sa mga tauhan ay. Ito ay nagpapahiwatig na may kaalaman ang guro sa mga ito ngunit maaaring magkaroon pa ng lugar para sa pagpapabuti at pagpapaunlad.

Sa kabilang banda, mayroong limang (5) kompetensi na ang nakuhang MPS ay nasa pagitan ng 1-59% at ito ay natukoy bilang hindi bihasa. Lumalabas na hindi bihasa ang mga guro tungkol sa naipaliliwanag ang kahalagahan ng paggamit ng suprasegmental (tono, diin, antala), nabibigyang-kahulugan ang matatalinghagang ekspresyon -



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Google Scholar
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
RUN RESEARCHERS RUN
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

tayutay - simbolo, nagagamit ang mga angkop na pang-uri na nagpapasidhi ng damdamin, nagagamit nang wasto ang pokus ng pandiwa (tagaganap, layon, pinaglalaaanan at kagamitan) at nagagamit ang mga pang-abay na pamanahon, panlunan at pamaraan sa pagbuo ng alamat. Ibig sabihin, ang mga guro ay may kakulangan sa kasanayan at maaaring mangailangan ng dagdag na pag-aaral at praktika. Ayon nga sa pag-aaral ni Manny (2019), kailangang paunlarin at hasain ng mga guro ang kanilang mga kasanayan upang mahasa ang pag-iisip ng kanilang mga estudyante. Samantala, ang nagagamit ang angkop na pang-ugnay na hudyat ng pagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa lilikhaing kuwento ay nag-iisang (1) kompetensi na may MPS na 76.25% at natukoy bilang medyo bihasa. Sa antas na ito ng kabihasaan, maaaring matatawag na may kaalaman at kakayahan ang guro tungkol sa pagkakaugnay-ugnay ng mga pangyayari sa kuwento. Gayunpaman, maaaring may mga aspeto pa rin na maaaring mapabuti upang mas mapalakas ang kasanayan sa larangang ito.

Sa kabuuan, ang lebel ng kakayahan ng guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ay nakakuha ng kabuuang MPS na 55.38 na nangangahulugang hindi bihasa. Sa madaling sabi, ang mga guro ay nahihirapan at kulang sa kaalaman at kasanayan tungkol sa gramatika. Samantala, inilahad sa pag-aaral ni Panganiban (2020) na ang pagtugon sa kakulangan ng kaalaman ng mga guro sa istrukturang gramatikal (pagbabaybay, at bahagi ng pananalita) ay ang pagdalo sa mga palihan at pagsasanay. Mahihinuha mula sa resulta, masasabing kailangan pa talagang paghusayan ng mga guro ang kanilang kakayahan. Ang paglinang ng sariling kakayahan ang makapagpapaunlad at tutugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral. Ang resulta ng pagsusuri sa kakayahan ng guro sa pagtuturo ng Filipino ay nagpapakita ng iba't ibang antas ng kabihasaan sa iba't ibang aspeto ng gramatika.

**Suliranin 4. Ano ang lebel ng kakayahan ng isang guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa pananaw ng mga Mag-aaral?**

Ang talahanayan 7 ay nagpapakita ng lebel ng kakayahan ng Guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa pananaw ng mga Mag-aaral.

Inilalahad sa talahanayan 7, ang mataas na lebel ng kakayahan ng guro sa pagtuturo sa pananaw ng mga mag-aaral na may kabuuang promedyo na 4.07 na ang ibig sabihin ay mahusay. Lahat ng indikeytor ay nakakuha ng mataas na promedyo na nangangahulugan na ang guro ay mahusay pagdating sa pagtuturo.

**Talahanayan 7**
***Kakayahan sa Pagtuturo ng mga guro sa pananaw ng mga Mag-aaral***

| Indikeytor | Mean | SD | Berbal Paglalarawan | Berbal Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|
| 1. Naghahanda at gumagamit ng mga makabagong kagamitang panturo sa pagtamo ng mga layunin sa pagtuturo. | 3.89 | 0.795 | Mahusay | Mataas na lebel ng Kakayahan |
| 2. Gumagamit ng iba't ibang teknik at paraan upang maging masigla at kawili-wili ang pagtuturo. | 4.04 | 0.754 | Mahusay | Mataas na lebel ng Kakayahan |
| 3. Kinikilala at binibigyan ng kaukulang pansin ang pangangailangan, kakayahan at interes o kawilihan ng mga mag-aaral. | 4.04 | 0.754 | Mahusay | Mataas na lebel ng Kakayahan |
| 4. Bihasang naglahad at nagpaliwanag ng aralin gamit ang wikang Filipino. | 4.03 | 0.729 | Mahusay | Mataas na lebel ng Kakayahan |
| 5. Tinatalakay ang mga aralin nang malinaw at lohikal na paraan. | 4.36 | 0.621 | Mahusay | Mataas na lebel ng Kakayahan |
| **Kabuuan** | **4.07** | **0.506** | Mahusay | Mataas |

*Iskala: 5 Napakahusay; 4 Mahusay; 3 Di- Gaanong Mahusay; 2 Di- Mahusay; 1 Walang Alam*

Ang mga guro ay may sapat na kaalaman patungkol sa kung paano maghanda at gumamit ng makabagong kagamitang panturo na siyang makakatulong sa pagpapaunlad ng kasanayan at kakayahan ng mga mag-aaral. Ayon sa mga pag-aaral ay magiging mabisa ang pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral kung naayon at maayos ang

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181
RUN RESEARCHERS RUN

napiling kagamitang pampagtuturong ginamit (Sali et al., 2024). Upang higit na mahikayat ang mga mag-aral kinakailangan ng isang guro na matutunan ang iba't ibang mga estratehiya sa pagtuturo (Huevos at Marbella, 2019). Binigyang-diin naman nina Derecho, et.al (2016) na ang isa sa pangunahing isinasaalang-alang ng mga guro sa pagtuturo ay ang pagpili ng angkop na kagamitang panturo. Mas tumatatak sa isipan ng mga mag-aaral kung ano ang tinatalakay kung may mga instrumentong ginagamit ang guro sa pagtuturo (Latorre at Carada, 2021). Inirerekomenda nina Cordenete at Macaltao (2020) na mas mainam din na bigyang buhay ang presentasyon, organisasyon at disenyo ng kagamitang panturo dahil ang mga mag-aaral ay nasa ika-21 siglo nararapat na angkop ito sa kanilanh interes nang hindi maglaho ang kanilang atensyon. Ang mga pamaraang gagamitin ng mga guro ay nakabatay din sa ninanais niyang resulta na makamit ng mga mag-aaral at ang paksa ng kanyang araling kanyang itutuo (De Guzman at Abagon, 2021). Batay sa pag-aaral ni Fernandez et.al (2013), masasabing napakalaki ag papel ng guro sa proseso ng pagtuturo-pagkatuto. Umiikot sa silid-aralan ang kanyang mundo at kumikilos siya ayon sa dikta ng pilosopiya bilang isang edukador. Ang pagpapahalaga sa mga tinuturiang mag-aaral ang batayan sa pagpili at paghahanda ng mga araling magagamit upang makipag-ugnayan sa kanyang mga tinuturuan.

Sa kabuuan, ang mga resulta ay nagpapakita na mataas ang lebel ng kakayahan ng mga guro sa lahat ng aspeto ng pagtuturo, batay sa pananaw ng kanilang mga mag-aaral. Ito ay nagpapakita ng kanilang kahusayan at kagalingan sa pagtuturo, na nagdudulot ng positibong epekto sa karanasan at pagkatuto ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 8**
***Kakayahan ng mga guro sa Nilalaman ng asignaturang Filipino sa pananaw ng mga Mag-aaral***

| Indikeytor | Mean | SD | Berbal Paglalarawan | Berbal Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|
| 1. May sapat na kaalaman hinggil sa paksang itinuturo. | 4.28 | 0.636 | Mahusay | Mataas na lebel ng Kakayahan |
| 2. Naipapaliwanag nang maayos ang nilalaman ng paksa. | 4.20 | 0.664 | Mahusay | Mataas na lebel ng Kakayahan |
| 3. Gumagamit ng mga angkop na halimbawa upang ipaliwanag ang mga konseptong nauugnay sa paksa. | 3.44 | 0.824 | Di- gaanong mahusay | Katamtaman na lebel ng Kakayahan |
| 4. Alam ang mga sagot sa mga katanungan tungkol sa paksa | 3.88 | 0.786 | Mahusay | Mataas na lebel ng Kakayahan |
| 5. Alam kung paano iuugnay ang paksa sa iba't ibang asignatura. | 3.40 | 0.668 | Di- gaanong mahusay | Katamtaman na lebel ng Kakayahan |
| **Kabuuan** | **3.84** | **0.408** | **Mahusay** | **Mataas** |

*Iskala: 5 Napakahusay; 4 Mahusay; 3 Di- Gaanong Mahusay; 2 Di- Mahusay; 1 Walang Alam*

Ipinakikita sa talahanayan 8, ang mataas na lebel na kakayahan ng guro sa nilalaman ayon sa mga mag-aaral na may kabuuang timbang na 3.84 na ibig sabihin ay mahusay. May sapat na kaalaman ang guro hinggil sa paksang kanyang itinuturo gayundin, na ipapaliwanag nang maayos ang nilalaman ng paksa. Ang mahusay na pagtuturo ng guro ay nakadepende sa pinakamabisang paraan para maibahagi ang kaalaman at impormasyon sa kanyang mag-aaral (De Guzman at Abagon, 2021). Sa kabilang banda, mayroong dalawa (2) mula sa limang (5) indikeytor ang natukoy na katamtaman o di-gaanong mahusay. Ang gumagamit ng mga angkop na halimbawa upang ipaliwanag ang mga konseptong nauugnay sa paksa ay may kabuuang mean na 3.44. Ito ay nangangahulugan na mayroong puwang sa paggamit ng mga halimbawa upang mas maipaliwanag ang mga konsepto sa mga mag-aaral habang ang indikeytor



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

na alam kung paano iuugnay ang paksa sa iba't ibang asignatura ay may mean na 3.40. Ipinapakita nito na may kakulangan sa kakayahan ang mga guro na maiugnay ang paksa sa iba't ibang asignatura. Ang kakulangan sa mga nabanggit na kakayahan ng guro ay maaaring magdulot ng hamon sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral. Subalit sa pamamagitan ng pagpapaunlad at pagpapatibay ng mga ito, maaaring mapalalim ang karanasan sa pag-aaral at pag-unawa ng mga mag-aaral.

Sa kabuuan, ang mga resulta ay nagpapakita ng mataas na lebel ng kakayahan ng mga guro sa nilalaman ng kanilang itinuturo, batay sa pananaw ng kanilang mga mag-aaral. Gayunpaman, mayroong ilang aspeto na maaaring pagtuunan ng pansin para sa patuloy na pagpapabuti ng kanilang pagtuturo.

**Suliranin 5. Anong programa ang maaaring ipanukala upang mapaunlad ang kakayahan sa pagtuturo ng mga guro na di-medyor sa Filipino?**

Mula sa natuklasang pag-aaral, ang mananaliksik ay bubuo ng isang programa upang mapaunlad ang kakayahan sa pagtuturo ng mga gurong di-medyor sa Filipino. Makikita sa talahanayan 6, na karamihan sa mga guro ay nakakuha ng mababang marka sa pagtataya at natukoy na hindi bihasa batay sa nakuhang MPS. Ibig sabihin nito, nangangailan ang guro ng pagsasanay- palihan na tutugon sa kanilang kakulangan sa kaalaman ukol sa nilalaman. Napag-alaman din, na ang gurong kalahok ay di-gaanong mahusay sa paggamit ng mga angkop na halimbawa upang ipaliwanag ang mga konseptong nauugnay sa paksa at kung paano iuugnay ang paksa sa iba't ibang asignatura. Dahil dito, kabilang sa gagawing pagsasanay ang lokalisasyon at kontekstwalisasyon ng asignaturang Filipino na sinasandalan ng *K to 12 Basic Education Curriculum*, na kasalukuyang isinusulong at ipinapatupad ng Kagawaran ng Edukasyon. Sinabi ni Lacson (2020), na nag lokalisasyon ay binibigyang kahulugan bilang proseso ng pag-uugnay ng pagkatuto sa nilalaman. Dagdag pa rito, ang paggamit ng pamaraang lokalisasyon at kontekstwalisasyon sa asignaturang Filipino ay ang kukumpleto sap ag-unawa sa nilalaman ng isang akda (Latorre et.al., 2021). Tinalakay naman ni Baer (2017) na ayon sa DepEd Order 32 s. 2015, ang pagsasanib ng lokalisasyon at indigenization tungo sa kontekstwalisasyon sa pagtuturo sa lahat ng asignatura ay nakakatutulong sa paglinang ng kakayahan at kaalaman ng mga mag-aaral na mas mapahalagahan ang mga bagay na makikita mismo sa kanilang pook na ginagalawan. Bukod dito, isa sa mga indikeytor sa *Results-Based Performance Management System (RPMS)*, ang paggamit ng kaalaman na natutunan sa iba't ibang paksa o larangan, hindi lamang sa loob ng isang partikular na disiplina, kung hindi pati na rin sa pagtuturo ng iba't ibang asignatura. Ito ay nangangahulugan ng pagpapakita ng kakayahan na magamit ang kaalaman mula sa isang larangan at magamit ito sa iba pang mga asignatura o sitwasyon. Batay sa resulta, ang mananaliksik ay gumawa ng isang programa tungkol sa Pagsasanay sa Pagpapaunlad ng Kaalaman sa Gramatika, Lokalisasyon at Kontekstwalisasyon ng Asignaturang Filipino upang tugunan ang kakulangan ng guro at maging bihasa sa asignaturang itinuturo.

**DISENYO NG PROGRAMA**

**Anim na Araw na Pandistritong Pagsasanay- Palihan sa Pagpapaunlad ng Kakayahan sa Pagtuturo para sa mga guro na Di-medyor sa Filipino**

**Tema: "Filipino sa Kanyang Konteksto: Pagsasanay sa Pagpapaunlad ng Kaalaman sa Gramatika, Lokalisasyon, at Kontekstwalisasyon"**

**I. Rasyunal**

Nakasaad sa seksyon 7, ng Batas Republika Blg.10533 na muling sasanayin ang mga kasalukuyang guro ng DepEd upang matugunan ang mga pamantayan sa nilalaman at pagsasakatuparan ng bagong kurikulum na K hanggang 12. Kaugnay ng isinaad, ang Timog-Kanlurang Distrito ng Butuan ay magsasagawa ng Pandistritong Pagsasanay-Palihan sa Pagpapaunlad ng Kakayahan sa Pagtuturo para sa mga guro na Di-medyor sa Filipino ay isang mahalagang hakbang na naglalayong palakasin at mapalawak ang kaalaman at kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ang temang "Filipino sa Kanyang Konteksto: Pagsasanay sa Pagpapaunlad ng Kaalaman sa Gramatika, Lokalisasyon, at Kontekstwalisasyon" ay nagsisilbing gabay upang magtaguyod ng mas malalim na pag-unawa sa kahalagahan ng wika at kultura ng bansa. Ang pagsasanay -palihan na ito ay may mahalagang papel sa pagpapalakas ng kakayahan ng mga guro at sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagtuturo. Ito ay binubuo ng anim na araw na kinapalooban ng may iba't ibang programa at layunin sa bawat araw na batay na rin sa kompetensi mula baitang pito hanggang sampu. Inaasahan na ang anim na araw na pandistritong pagsasanay-palihan sa pagpapaunlad ng kakayahan sa pagtuturo ay


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181
RUN RESEARCHERS RUN

magbibigay ng makabuluhang karanasan at kasanayan sa mga guro na nagtuturo ng Filipino, na naglalayong magdulot ng positibong epekto sa pagkatuto at pagpapalago ng mga mag-aaral. Gayundin, ang mga guro ay nagiging mas epektibo sa pagtuturo sa pamamagitan ng paghahatid ng mga aralin na may kaugnayan sa aktuwal na karanasan, pangangailangan, at interes ng kanilang mga mag-aaral.

**II. Pangkalahatang Layunin**
Layunin ng pagsasanay ang mga sumusunod:

a. Mapalakas ang kaalaman ng mga guro sa mga batayang konsepto ng gramatika sa Filipino upang mapabuti nila ang kanilang kakayahan sa pagtuturo ng wastong paggamit ng wika sa loob ng silid-aralan;
b. Magkaroon ng kamalayan at pag-unawa ang mga guro sa kahalagahan ng lokal na konteksto sa pagtuturo ng Filipino;
c. Matuto at magamit ng mga guro ang mga pamamaraan ng kontekstwal na pagtuturo sa Filipino, na nagbibigay-diin sa pagtutok sa aktuwal na karanasan at pangangailangan ng mga mag-aaral; at
d. Matulungan ang mga guro na magplano at magdisenyo ng mga aralin na may kaukulang pagtutok sa gramatika, lokal na konteksto, at kontekstwal na karanasan ng mga mag-aaral.

**III. Lugar: Kinamlutan National High School, SBM Room**

**IV. Petsa: Hulyo 6, 13,20,27, Agosto 3 at Agosto10, 2024**

**V. Mga Kalahok**

| Mga Paaralan Na Kabilang | Bilang Ng Kalahok Na Mga Guro Na Di-Medyor |
|---|---|
| Bancasi Integrated School | 2 |
| Consuelo National High School | 2 |
| La Trinidad Integrated School- Secondary | 6 |
| Villa Kanangga Integrated School-Secondary | 3 |
| Kinamlutan National High School | 3 |
| Distritong Tagapag-ugnay | 1 |
| **KABUUAN** | **17** |

**VI. Tagapagsalita**

Rolyn B. Yandog
Julie Ann L. Regala
Gilmore Gerona
Charlene Mae S. Silvosa
Conception Bangcong
Marefe Argawanon
Distritong Tagapag-ugnay

**VII. Mga Kagamitan na gagamitin**

Speaker, Laptop, TV, Projector
Indibidwal na kagamitan sa pagsasanay (kwaderno, bolpen, papel)


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181
RUN RESEARCHERS RUN

**KONKLUSYON**

Batay sa mga naging resulta sa pag-aaral.

1. Karamihan sa mga tagatugon na guro ay nagtuturo ng Filipino sa loob ng isa hanggang tatlong taon, at kalimitang antas na natamong edukasyon ay Master's Degree – CAR. Karamihan sa mga tagatugon na guro ay nakasali sa Pagsasanay sa Paggamit ng Teknolohiya sa Pagtuturo. Samantala, nangangailangan din na magkaroon ng Pagsasanay sa Pagpapaunlad ng Kaalaman ukol sa Wika, Panitikan at Gramatika.
2. Ang mga kadalasang nabibigyan ng pagkakataon na makasali sa mga isinagawang pagsasanay ay ang mga guro lamang na dalubhasa o medyor sa Filipino.
3. Inihayag sa mga naging resulta ng pag-aaral, na karamihan sa mga gurong kalahok ay hindi mahusay o mababa ang lebel ng kakayahan ayon sa pagtataya / pagsusulit. Dagdag pa nito, ang mga guro ay hindi bihasa batay sa mababang Mean Percentage Score (MPS).
4. Ang kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ay mahusay ayon sa pananaw ng mga mag-aaral subalit hindi gaanong-mahusay ang kakayahan sa nilalaman ayon sa paggamit ng mga angkop na halimbawa upang ipaliwanag ang mga konseptong nauugnay sa paksa at kung paano iuugnay ang paksa sa iba't ibang asignatura.
5. Ang programa o pagsasanay tungkol sa gramatika, lokalisasyon at kontekstwalisasyon ang kailangan upang mapaunlad ang kakayahan sa pagtuturo ng mga guro na di-medyor. Ang pamagat ng programa ay maaring "Filipino sa Kanyang Konteksto: Pagsasanay sa Pagpapaunlad ng Kaalaman sa Gramatika, Lokalisasyon, at Kontekstwalisasyon."

**REKOMENDASYON**

Kagawaran ng Edukasyon. Nararapat na suportahan at pondohan ng kagarawan ang pagkakaroon ng intensibong pagsasanay at palihan para sa mga guro na di-medyor sa Filipino tungkol sa pagpapalalim at pagpapaunlad ng kaalaman sa gramatika, lokalisasyon at kontekstwalisasyon sa asignaturang Filipino.

Dibisyon ng Butuan. Mahalaga na maglunsad at magpatupad ang dibisyon ng isang komprehensibong INSET na programa na nakatuon sa pagpapahusay ng kasanayan ng mga guro na hindi medyor sa Filipino, kabilang ang malalim na pagsasanay sa gramatika, lokalisasyon at kontekstwalisasyon ng mga aralin, upang masiguro ang kalidad na pagtuturo sa asignaturang Filipino.

Punong-guro. Bigyang-pansin ang pangangailangan ng mga guro na magkaroon ng oportunidad para sa kanilang sariling pag-unlad at pagpapalawak ng kanilang mga kakayahan sa pagtuturo. Kailangang magkaroon ng pampaaralang LAC sesyon na makakatulong sa mga guro na mapalalim at mapaunlad pa ang kanilang kaalaman sa gramatika, gayundin din ang paggamit ng lokalisasyon at kontekstwalisasyon sa pagtuturo.

Guro. Maging aktibo sa paglahok sa mga programa para sa propesyonal na pag-unlad na inaalok ng Kagawaran ng Edukasyon o iba pang mga organisasyon. Maging bukas sa pag-aaral ng bagong mga kasanayan at pamamaraan na makakatulong sa pagtuturo sa mga mag-aaral.

Mananaliksik sa Hinaharap. Magsagawa ng pagsusuri at pananaliksik hinggil sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga guro na nagtuturo ng mga asignatura na hindi nila medyor hindi lamang sa Filipino kundi maging sa ipa bang asignatura.

**TALASANGGUNIAN**

Anez, R. S. (2022). Pananaw at danas Ng mga gurong Filipino: Batayan Sa pagbuo Ng plan of action. Share & Discover Presentations | SlideShare. https://www.slideshare.net/AJHSSRJournal/pananaw-at-danas-ng-mga-gurong-filipino-batayan-sa-pagbuo-ng-plan-of-action

Azarias, H. (2018). Ang Panitikan ay Pagpapahayag ng Damdamin ng Tao. https://www.coursehero.com/file/58136982/PANITIKANdocx/

Bangao, B. J. (2020). Looking back to look ahead: The life trajectory among indigenous pelole retired teachers in the Phillipines. *PalArch's Journal of Archaelogy of Egypt/Egyptology,17*(2),356-365. https://archives.palarch.nl/index.php/jae/article/view/1028

Burns, M., & Lawrie, J. (2015). Where it matters most: Quality professional development for all teachers. New York, NY: Inter-Agency Network for Education in Emergences.

Cordenete, J. B., & Macaltao, M. E., M. T. E. (2020). Pagbuo at balidasyon ng interaktibong modyul sa pagtuturo ng Florante at Laura *(PSU Multidisciplinary Research Journal*. (Retrieved from https://psurj.org/psurj/online/index.php/mrj/article/view/139)

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

DepEd Order No. 007, series of 2023 - Guidelines on Recruitment, Selection and Appointment in the Department of Education Merit Selection Plan

De Guzman, J. A., & Abagon, B. S. (2021). Kakayahan ng mga Guro sa Pagtuturo at Pagkakatuto ng Mag-aaral sa Asignaturang Filipino ng Senior High School.https://www.ajhssr.com/wpcontent/uploads/2021/10/P21510125137.pdf

De Lisle, J. (2014). The promise and reality of formative assessment practice in a continuous assessment scheme: the case of Trinidad and Tobago. https://doi.org/10.1080/0969594X.2014.944086

Derecho, A., Lomerio, K., & Manaog, C. (2016). Paghahanda at balidasyon ng komik strip bilang kagamitan sa pagtuturo sa pagtalakay ng piling maikling kuwento sa grade 7 ng DMDPNHS.

Evers, A., Van der Heijden, B., & Kreijns, K. (2016). Organizational and task factors influencing teachers' professional development at work. *European Journal of Training and Development*, 40, 36-55.

Etcobanez, D. J. (2014). Best Practices to Increase Mean Percentage Score.https://bernie12345211.quorq.com/Best-practices-to-increaseMPSE

Felonia, M. P. (2021). Mga Salik sa Epektibong Pamamaraan ng Pagtuturo ng Wika at Panitikang Pilipino sa Panahon ng Pandemya*. ResearchGate |Find and share research*. https://www.researchgate.net/publication/356426508

Fernandez, F. A., & Lim, L. S. (2013). Pag-unawa sa Suliranin ng mga Di-Medyor na Guro sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino. https://www.academia.edu/4437797

Gajo, P. (2016). Pagsusulit at Ebalwasyon Fil 20, scrbd.com.

Huevos, M., & Marbella, F. (2019). Laro: Isang estratehiya sa pagtuturo ngnumeracy.https://www.academia.edu/89661467/Laro_Isang_estratehiya_sa_pagtuturo_ng_numeracy

Latorre, J. M., & Carada, I. G. (2021). Panitikan ng Mauban sa Pagtuturo ng Komunikasyon at Pagpapayaman ng Talasalitaan. *Online Journal Publication | Publish Your Research Paper*. https://www.ajhssr.com/volume-5-issue-8/

Olipas, CNP. (2019). The Development and Assessment of An Online Student Affairs System with Short Message Service‖. *International Journal of Scientific and Technology Research*. Volume 8, Issue 12, December 2019 ISSN 2277-8616

Panganiban, M. (2020). Mga Suliranin ng mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino: Mga Posibleng Solusyon sa Bawat Suliranin. Nakuha noon ika-25 ng Pebrero, mula sa https://www.academia.edu/40365087/MGA_SULIRANIN_NG_MGA_GURO_SA_PAGTUTURO_NG_FILIPINO_MGA_POSIBLENG_SOLUSYON_SA_BAWAT_SULIRANIN

Podolsky, A., Kini, T., & Darling-Hammond, L. (2019). Does teaching experience increase teacher effectiveness? A review of US research. *Journal of Professional Capital and Community,* 4(33), 1-8. https://doi.org/10.1108/JPCC-12-2018-0032

Saberola, L. (2018). Pagbuo, Pagtanggap at Balididiti ng Modyul: Kontekstwalisasyon ng mga Piling Aralin sa Filipino 8 Gamit ang Dominyo ng Kulturang Popular. Philippine EJournals|Home.https://ejournals.ph/function/reader1/read2/web/reader.php?id=uploads%2Farchive%2FMSEUFRS%2FVol.+20+No.+1+%282018%29%2FArticles%2F10_Saberola+-+88+-+102.pdf&di=14700

Sadik, F., & Akbulut, T. (2015). An evaluation of classroom management skills of teachers at high schools (Sample from the City of Adana). *Procedia - Social and Behavioral Sciences,* 191, 208–213. https://doi.org/10.1016/j.sbspro.2015.04.539

Sali, J. N., Ajijun, M. R., Martin, R. L., Abing, K. O., & Jainal, E. A. (2024). Mga Kagamitang Pampagtuturong Ginagamit sa mga Asignaturang Filipino. *Online Journal Publication | Publish Your Research Paper*. https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2024/03/I248038392.pdf

Santos, J. M., & Castro, R. D. (2021). Technological pedagogical content knowledge (TPACK) in action: Application of learning in the classroom by pre-service teachers (PST). *Social Sciences Humanities Open*, *3*(1), 100110. https://doi.org/10.1016/j.ssaho.2021.100110



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!